# *Bantay Yugto 20*

***Makikita ng Bantay ang Kapatawaran at Pagliligtas ng Dios mula sa mga Kasalanan at Suliranin***

***"1 Mula sa mga kalaliman ay dumaing ako sa iyo, Oh PANGINOON. 2 PANGINOON, dinggin mo ang aking tinig: pakinggan ng iyong mga pakinig ang tinig ng aking mga pamanhik. 3 Kung ikaw, PANGINOON, magtatanda ng mga kasamaan, Oh PANGINOON, sinong tatayo? 3 Nguni't may kapatawarang taglay ka, upang ikaw ay katakutan. 4 Aking hinihintay ang PANGINOON, hinihintay ng aking kaluluwa, at sa kaniyang salita ay umaasa ako. 5 Hinihintay ng aking kaluluwa ang PANGINOON, ng higit kay sa paghihintay ng bantay sa umaga; Oo, higit kay sa bantay sa umaga. 7 Oh Israel, umasa ka sa PANGINOON; sapagka't sa PANGINOON ay may kagandahang-loob. 8 At kaniyang tutubusin ang Israel sa lahat niyang kasamaan." (Awit 130:1-8 KJV)***

Ang awiting ito ay maaaring ilapat sa pansamantalang alalahanin, maging personal o pampubliko, ngunit sa katotohanan ito ay hindi nauugnay sa alinman kundi ganap na nakatuon lamang sa mga gawain ng kaluluwa. Ito ay itinuturing na isa sa pitong awit, na kung minsan ay nagagamit ng mga nagsisisi, yaong nagsisi sa kanilang pagtanggap sa simbahan; at, sa pagkanta nito, tayong lahat ay may pananagutan na ilapat ito sa ating sarili. Ang mang-aawit bilang bantay ay naglalahad ng mga sumusunod:-

***1. Makikita ng bantay ang pagtawag sa Dios ay ang unang tugon at ang unang pagpipilian na gawin sa anumang kalagayan ng mga suliranin: "1 Mula sa mga kalaliman ay dumaing ako sa iyo, Oh PANGINOON." (Awit 130:1 KJV)*** Sa anumang kalagayan tayo naroroon, kailangan nating patuloy na tumawag sa Dios. Ang pinakamahusay na mga tao ay maaaring minsang mapunta sa kailaliman, sa malaking problema at pasakit, at lubos na hindi alam kung ano ang gagawin, sa kalaliman ng kapighatian at halos sa kalaliman ng kawalan ng pag-asa, ang espiritu ay mababa at madilim, lulubog at maninimdim, nadudurog at nag-aalala. Ngunit, sa pinakamalalalim na kalagayan, ito ay ating Kalayaan na tumawag sa Dios at marinig. Ito ay ating pribilehiyo na may gayong tayong Dios na nakikinig sa atin kapag tayo'y tumatawag sa Kanya. Ang isang panalangin ay maaaring umabot sa taas ng Langit, mula sa kalaliman ng pinakamalaking suliranin na maaari nating masalimuotan sa mundong ito; ang panalangin ang naglabas kay Jeremias mula sa piitan, kay Daniel mula sa lungga ng leon, at kay Jonas mula sa tiyan ng isda. Paano ka naman ngayon? Saan ka naroroon? Nasa kalaliman ka ba ng mga problema? Tawagin mo ang Dios upang kaawaan ka Niya at mailigtas mula sa lahat ng iyong mga suliranin.

***2. Makikita ng bantay na ang pagtawag sa Dios ang tanging pagpipilian na makakatulong sa atin sa anumang kalagayan: "2 PANGINOON dinggin mo ang aking tinig: pakinggan ng iyong mga pakinig ang tinig ng aking mga pamanhik." (Awit 130:1-2 KJV)*** Ito ang ating tungkulin at pakinabang na umiyak sa Dios, sapagkat ito ang pinaka-posibleng paraan upang parehong maiwasan ang ating lubusang pagkalugmok at mailigtas tayo mula sa kakila-kilabot na hukay at malagkit na putik, habang patuloy tayong nananawagan sa Dios upang tiyakin sa ating sarili ang isang sagot ng kapayapaan mula sa kanya; sapagkat ito ang ipinapanalangin ni David sa pananampalataya ***"Panginoon dinggin mo ang aking tinig: pakinggan ng iyong mga pakinig ang tinig ng aking mga pamanhik."***

***3. Makikita ng bantay na ang pagpapakumbaba sa harap ng Dios at pagtanggap sa ating sariling mga kasalanan at pagkukulang, na may taos-pusong paghingi ng kapatawaran, ang nag-iisang paraan upang tayo ay makalapit sa Dios para sa pagpapabalik mula sa ating mga kasalanan: "3 Kung ikaw, PANGINOON, magtatanda ng mga kasamaan, Oh PANGINOON, sinong tatayo?" (Awit 130:3 KJV)*** Tinuturuan tayong ipakumbaba ang ating sarili sa harap ng katarungan ng Dios bilang makasalanan sa Kanyang paningin, at hindi natin kayang sagutin Siya para sa isa sa libong ating mga kasalanan, ***"Kung ikaw, PANGINOON, magtatanda ng mga kasamaan, Oh PANGINOON, sinong tatayo?"*** Tumatawag ang Mang-aawit sa Dios na Panginoon nang dalawang beses sa talatang ito. Labis niyang nadarama ang kasamaan ng kanyang mga kasalanan, at naramdaman niya ang kaluwalhatian ng kabutihan ng Dios at ang takot sa Kanyang galit. Alamin pa natin ang mga sumusunod:

A. Aminin ang ating mga kasamaan, na hindi natin kayang ipagtanggol ang ating sarili sa harap ng Dios, o ipaglaban at sabihin na tayo'y walang sala. ***"8 Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. 9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. 10 Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin." (1 Juan 1:8-10 KJV)***

B. Upang kilalanin ang kapangyarihan at katarungan ng Dios, na kung gayon, kung Siya ay lubhang maging mahigpit sa pagtala ng ating mga pagkakamali, ay wala sanang pag-asa na makarating sa Kanya. Makikita ng paningin Niya ang sapat sa pinakamabuting tao upang maging batayan ng paghatol; at, kung Siya ay kikilos laban sa atin, tayo'y mawawasak at walang paraan upang tulungan ang ating sarili; hindi tayo makatatayo, kundi

tiyak na tayo’y mahuhulog. Kung ang Dios ay kikilos sa atin sa mahigpit na katarungan, tayo'y tapos na; kung gagawa Siya ng puna sa ating mga kasamaan, matutuklasan Niya na marami at malalaki ang mga ito, lubhang pinatindi at labis na nakakagalit; at kung Siya ay kikilos ayon dito, isasara Niya sa atin ang lahat ng pag-asa sa Kanyang paglingap at ilalagay tayo sa ilalim ng Kanyang poot; at ano ang maaari nating gawin upang tulungan ang ating sarili? Hindi natin magagawang tumakas, o lumaban, o tiisin ang Kanyang kamay ng paghihiganti. ***“10 Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan. 11 Sapagka't kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa, gayon kalaki ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatatakot sa kaniya. 12 Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran, gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin.” (Awit 103:10-12 KJV)***

C. Ating hangaan ang kahinahunan at pagtitiyaga ng Dios; dapat tayong ganap na wasak na kung susukatin Niya ang mga kasamaan, at nababatid Niya ito, kaya’t nagtitiis Siya sa atin. Sa Kanyang awa, hindi tayo nilulunod ng Kanyang galit. ***“13 Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak, gayon naaawa ang PANGINOON sa kanilang nangatatakot sa kaniya. 14 Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo; kaniyang inaalaala na tayo'y alaboK. 15 Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo: kung paanong namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya. 16 Sapagka't dinadaanan ng hangin, at napaparam; at ang dako niyaon ay hindi na malalaman. 17 Nguni't ang kagandahang-loob ng PANGINOON ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatakot sa kaniya, at ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak; 18 Sa gayong nagiingat ng kaniyang tipan, at sa nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin,” (Awit 103:13-18 KJV)***

D. Tinuturuan tayong iharap ang ating sarili sa paghingi ng awa ng Dios, at aliwin ang ating sarili dito kapag nakikita natin ang ating sarili na kaawa-awa sa Kanyang katarungan, ***“Nguni't may kapatawarang taglay ka, upang ikaw ay katakutan.”***

***4. Makikita ng bantay nang malinaw at mamuhay sa tunay na kapatawaran ng Dios: “4 Nguni't may kapatawarang taglay ka, upang ikaw ay katakutan.” (Awit 130:4 KJV)*** Natuklasan dito ng Mang-aawit ang biyaya ng Dios at nagmakaawa sa Kanya gaya ng nagsisising makasalanan: ***“Nguni't may kapatawarang taglay ka,”*** Ito ang hindi natin maipaliwanag na kaginhawaan, sa lahat ng ating paglapit sa Dios, na may kapatawaran Siya, sapagkat ito ang ating kailangan. Ipinagkaloob Niya ang Kanyang sarili sa kakayahanng patawarin ang kasalanan kung tayo’y tapat na magsisi; Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang mapagpala at mahabagin, at handang magpatawad kung tayo’y tapat na magsisi. Handa ka bang tapat na magsisi at bumalik sa Dios? Tunay na kailangan mong magsisi sa iyong mga kasalanan at maling ginawa upang ang iyong mga kasalanan ay mapatawad at ikaw ay mapapatawad.

Si JesuCristo ang dakilang tagapawi, ang pantubos na natagpuan ng Dios upang takpan ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagtubos Niya sa krus; Siya ay tagapagtanggol natin. Siya ay isang tagapagsuporta para sa atin at sa pamamagitan Niya nakatatanggap tayo ng kapatawaran bilang taos-puso tayong nagsisisi at tinatanggap ang mga kinahinatnan ng ating mga kasalanan isa-isa. Habang nagsisisi ka nang taos-puso, huwag pagdudahan ang tunay na kapatawaran ng Dios. Ang biyaya ng Dios sa atin sa pamamagitan ng kapatawaran ng kasalanan ay isang bagay na labis na pinahahalagahan. Sinabi rin ng manunulat ng Awit, ***“upang ikaw ay katakutan.”*** na bilang pagpapatawad ng Dios sa atin kung gayon pangungunahan tayong matakot sa Kanya, igalang Siya at mangilabot sa Kanyang presensya, kumilos ayon sa paraan na nais ng Dios na tayo’y kumilos at yao’y maghahatid din sa atin sa pagsamba sa Dios at sa paglilingkod sa Kanya.

***5. Makikit ang malinaw ng bantay ang kahalagahan ng paghihintay sa Dios: “5 Aking hinihintay ang PANGINOON, hinihintay ng aking kaluluwa, at sa kaniyang salita ay umaasa ako. 6 Hinihintay ng aking kaluluwa ang PANGINOON, ng higit kay sa paghihintay ng bantay sa umaga; Oo, higit kay sa bantay sa umaga.” (Awit 130:5-6 KJV)*** Ipinahayag ng Mang-aawit dito ang kanyang tiwala at pag-asa sa Dios bilang handa siyang mahintay sa Dios, ***“Aking hinihintay ang Panginoon”***. Siya ay naghintay dahil mula sa Kanya, inaasahan niya ang ginhawa at kaluwagan, naniniwala na darating ito, nananabik hanggang sa ito’y dumating, ngunit nagtitiis na tinitiis ang pagkaantala nito, at nagpasya na hanapin ito mula sa walang ibang kamay. Sinabi niya, ***“hinihintay ng aking kaluluwa,”***, na siya ay isang umaasa, at ito ay para sa PANGINOON na ang kanyang kaluluwa ay naghihintay; siya’y naghihintay para sa mga kaloob ng Kanyang biyaya at sa mga gawa ng Kanyang kapangyarihan sa paggawa ng mga himala at pagmasid sa mga himala sa kanyang buhay. Siya ay naghihintay at inilagay ang kanyang pag-asa sa Salita ng Dios, ***“at sa kaniyang salita ay umaasa ako.”*** Sa parehong paraan, dapat tayong umasa lamang sa kung ano ang Kanyang ipinangako sa Kanyang Salita; dapat tayong umasa dito dahil Kanyang ipinangako ito, at hindi mula sa anumang opinyon ng ating sariling kahusayan. Ngunit hindi natin dapat ilaan ang ating pag-asa sa hindi Niya ipinangako sa Kanyang Salita.

Ang antas ng pag-asa sa Dios ay siyang sumusukat sa bantay ***“Hinihintay ng aking kaluluwa ang PANGINOON ng higit kay sa paghihintay ng bantay sa umaga; Oo, higit kay sa bantay sa umaga.”*** Ang buong paniniwala ng bantay na darating ang umaga; at gayon din, babalik sa kanya ang Dios nang may habag,

ayon sa Kaniyang pangako; sapagkat ang tipan ng Dios ay mas matibay kaysa sa mga kautusan ng araw at gabi, sapagkat ang mga kautusan ng araw at gabi ay magtatapos din, ngunit ang sa Dios ay walang hanggan. Ang bantay na nagbabantay sa mga pader, yaong nagbabantay sa mga may sakit, at sa mga manlalakbay na nasa kanilang paglalakbay, matagal bago ang araw na nagnanais makita ang pagbukang liway-liway; ngunit mas taimtim na nagnanais ang mabuting lalaking ito sa mga palatandaan ng biyaya ng Dios at sa mga pagdalaw ng Kaniyang pagpapala, at mas mabilis niyang mapapansin ang Kanyang unang pagpapakita kaysa sa kanila sa pagsikat ng araw.

Ang matibay na katiyakan ng bantay na nakakakita ng kapatawaran at pagbabalik-loob ng Dios ay tanda ng tapat na pagsisisi at pagbabalik sa Panginoon. At ang pag-asang iyon sa Panginoon ay sinimulan ng Panginoon bilang tugon sa pagsisisi ng bantay at kanyang pagbabalik-loob sa Dios. Kaya ang iyong tunay na pagsisisi at pagtalikod sa mga kasalanan ay magbabalik ng iyong pag-asa sa Dios at maaari mong yakapin, nang walang pag-aalinlangan, ang kapatawaran at pagbabalik-loob ng Dios para sa iyong buhay at ministeryo.

Matapos niyang natanggap ang katiyakan, ang bantay ay nagpatuloy; at sinimulan ang hikayatin ang lahat ng bayan ng Dios sa parehong paraan na umasa sa Dios at magtiwala sa Kanya: ***"7 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon; sapagka't sa Panginoon ay may kagandahang-loob." (Awit 130:7 KJV)*** Umasa ang Israel sa Panginoon at maghintay sa Kanya; Nawa ang lahat ng naglalaan ng kanilang sarili sa Dios ay masayang manalig sa Kanya at lubos na umasa sa Kanya dahil sa Kanya, mayroong kapatawaran, pagibig, pag-aalaga at awa, ***"sapagka't sa Panginoon ay may kagandahang-loob."*** Na Siya ay maawaing Dios at Ama ng kaawaan. Gayundin Siya ay sagana sa pagtubos. Ang kalikasan ng pagliligtas na ito ay pagtubos mula sa kasalanan, mula sa lahat ng mga kasalanan, at samakatuwid ay walang iba kundi ang walang hanggang pagtubos na si JesuCristo ay naging may-akda nito; sapagkat Siya ang nagliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan, ***"21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan." (Mateo 1:21 KJV)*** na tumubos sa kanila mula sa kasamaan, ***"14 Na siyang nagbigay ng kaniyang sarili dahil sa atin, upang tayo'y matubos niya sa lahat ng mga kasamaan, at malinis niya sa kaniyang sarili ang bayang masikap sa mabubuting gawa, upang maging kaniyang sariling pag-aari." (Tito 2:14 KJV)*** at tumalikod sa kasamaan mula kay Jacob, ***"26 At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas; Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan:" (Roma 11:26 KJV)*** Siya na nagliligtas sa atin mula sa kapangyarihang huhusga at mula sa kapangyarihang mag-utos ng kasalanan. Ang kayamanan ng pagtubos na ito; ito ay saganang pagtubos; may ganap na kasaganaan ng karangalan at biyaya sa Tagapagligtas, sapat para sa lahat, sapat para sa bawat isa; at sapat para sa akin, sabi ng mananampalataya. Ang pagtubos mula sa kasalanan ay kasama ng pagtubos mula sa lahat ng iba pang kasamaan, diyablo at mga demonyo, kaya ito ay saganang pagtubos. ***"8 At kaniyang tutubusin ang Israel sa lahat niyang kasamaan." (Awit 130:8 KJV)*** Ang mga taong nakakakuha ng mga pakinabang ng pagtubos na ito gaya ng kanyang sinasabi, ***"At kaniyang tutubusin ang Israel"***, ay ang Israel ayon sa espiritu at ang lahat ng may tipan sa Dios kabilang ang ating mga sarili, gaya ng Israel noon, at ang mga Israelita mismo, na walang panlilinlang.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang mensahe ay isang pagbabalik-loob at pagpapagaling para sa ating mga kaluluwa upang bumalik sa Dios at maghintay sa Kanya nang may pagtitiyaga na darating Siya sa atin at dadalaw sa atin na may biyaya at awa Niya. Maging masigasig tayo ngayon na magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan at bumalik tayo sa Dios at magkaroon ng pag-asa at tiwala sa Kanyang kapangyarihan ng kapatawaran at pagtubos.

***"7 Oh Israel, umasa ka sa PANGINOON; sapagka't sa PANGINOON ay may kagandahang-loob." (Awit 130:7 KJV)*** Bilang tayo'y gumaling at nailigtas mula sa hatol ng kasalanan at sa kapangyarihan nito, magpatuloy tayo ngayon sa pagbigay-lakas sa iba sa ating paligid na may kapatawaran at pagtubos ng Dios. Dalhin natin ang muling pagkabuhay na espiritwal na iyon sa natitirang bahagi ng katawan ni Cristo at sa lahat ng kapisanan ng simbahan, mga manggagawa at kasapi, at sa mga naliligaw na kaluluwa sa mundo, na dalhin sa kanila ang Evangelio ni JesuCristo at ang kapangyarihan ng Kanyang dugo na ibinuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at ng mga kasalanan ng mundo.

Manalangin tayo … .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa pagbuhay na aking natanggap sa mensaheng ito at sa turo na aking natanggap mula sa iyong Salita. Salamat po, Panginoon, sa iyong pag-ibig, awa, ang kapatawaran mula sa mga kasalanan at sa iyong masaganang pagtubos at sa pag-asa na itinanim ng iyong Salita sa aking puso.*

*Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong kasalanan. Ipagtapat ang lahat ng iyong mga takot, pag-aalinlangan, panghihina ng loob, at kakulangan ng ganap na pagtitiwala sa Dios, lalo na sa Kanyang kapangyarihang magpatawad at Kanyang kapangyarihang magligtas sa panahon ng kagipitan. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Bibliya at iyong kakulangan sa panalangin. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa paglilingkod sa Dios at ang iyong hindi kagustuhang magdusa para sa Kanya. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ______________________________.*

*Panginoon, natutunan ko ang aral,* ***"Nguni't may kapatawarang taglay ka, upang ikaw ay katakutan."*** *Panginoon, patuloy akong mananalangin sa iyo para sa tulong at lalapit sa iyo sa pagsisisi. Panginoon, ako ay nananawagan sa iyo upang iligtas ako mula sa mga sumusunod na suliranin _________________*
*Panginoon, patuloy kitang paglilingkuran at gagawin ang iyong gawain at kalooban. Panginoon, patuloy mong hihikayatin ang iba na magtiwala sa iyo at gawin din ang parehong bagay. Panginoon, patuloy mong ibigay sa akin ng katiyakan at patatagin ako at ang aking kaluluwa upang magpatuloy sa paggawa nito. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, dalangin ko para sa lahat ng aking mga Kapatid na nag-alay ng kanilang buhay sa iyo. Panginoon, patuloy mong pagalingin ang kanilang mga kaluluwa, at dalhin ang pagbabago sa kanilang buhay at bigyan sila ng katiyakan ng kapatawaran at kaligtasan. Panginoon, pagpalain mo sila at pagyamanin, at gamitin ang kanilang buhay bilang mabuting patotoo sa iba upang sumunod sa iyo. Panginoon, patuloy mong gamitin sila at pagyamanin ang kanilang mga ministeryo at paglilingkod sa iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahn, at patuloy mo ang ipadala ang kagalingan at pagkabuhay-muli sa aming mga kasapi, manggagawa, ministro, at mga kapisanan ng simbahan, at ipagpatuloy mo ang paggawa ng mga himala at kababalaghan upang mapalago ang pananampalataya ng iyong bayan sa iyo. Panginoon, protektahan mo kami mula sa mga nagliliyab na palaso ng mga masama. Diablo at lahat ng mga demonyo, kami ay lumalaban sa inyo sa pangalan ni Jesus at itaboy kayo mula sa aming buhay at mula sa simbahan ng Dios. Panginoon, patnubayan mo kaming magpatuloy at hikayatin ang iba at magdala ng pagkabuhay-muli sa kanila. Panginoon, dagdagan mo kami ng higit pang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa sa pangangaral at maabot ang mga bagong tao sa Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Dios. Panginoon, dalangin namin na ikaw ay magbibigay ng kakayahan sa amin na magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, dalhin mo ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang lahat ng kapulungan ng simbahan, mga manggagawa, kasapi at ang mga naliligaw na kaluluwa. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo mo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com